# English Learner Pupil and Parental Rights – Tagalog

***1. Ang isang mag-aaral na English learner (nag-aaral ng Ingles) ay may karapatang:***

***(a) Tumanggap ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon, anuman ang katayuan sa imigrasyon o pangunahing wika ng mag-aaral o magulang o ligal na tagapag-alaga ng mag-aaral;***
***(b) Pantay na access sa lahat ng programa at serbisyong iniaalok ng paaralan o distrito ng paaralan kung saan naka-enroll ang mag-aaral sa mga mag-aaral sa parehong baitang na hindi nag-aaral ng Ingles;***
***(c) Tumanggap ng tagubilin sa baitang na pareho sa ibang mga mag-aaral na kaedad ng mag-aaral na nag- aaral ng Ingles, maliban kung tinukoy ng paaralan o distrito ng paaralan kung saan naka-enroll ang mag- aaral na naaangkop para sa mag-aaral na nag-aaral ng Ingles na mailagay siya sa ibang baitang;***
***(d) Pantay na access upang lumahok sa mga extracurricular na aktibidad (mga gawain sa paaralan na dagdag sa karaniwang kurikulum);***
***(e) Tumanggap ng mga naaangkop na serbisyo para sa akademikong suporta na ibinibigay ng paaralan o distrito ng paaralan sa mga mag-aaral na hindi nag-aaral ng Ingles na naka-enroll sa paaralan o sa distrito ng paaralan;***
***(f) Masuri kada taon para matukoy ang pag-unlad ng mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Ingles at para makakuha ng impormasyon tungkol sa academic performance (mga marka sa paaralan) ng mag-aaral, kabilang nang walang limitasyon ang mga resulta ng pagsusulit na ibinigay alinsunod sa NRS 390.105; at***
***(g) Patuloy na mailagay sa isang programa para sa mga nag-aaral ng Ingles hangga't nauuri ang mag-aaral bilang isang nag-aaral ng Ingles, maliban kung tumanggi ang magulang o ligal na tagapag-alaga ng mag- aaral na ilagay ang mag-aaral sa isang programa para sa mga nag-aaral ng Ingles.***

***2. Ang magulang o ligal na tagapag-alaga ng isang mag-aaral na nag-aaral ng Ingles ay may karapatang:***

***(a) Ipadala ang kanyang anak (o batang inaalagaan) sa isang pampublikong paaralan nang hindi ipinapaalam ang katayuan sa imigrasyon ng mag-aaral o ng magulang o ligal na tagapag-alaga;***
***(b) Sa abot ng makakaya, magsama ang magulang o ligal na tagapag-alaga ng kwalipikadong tagasalin sa pangunahing wika ng magulang o ligal na tagapag-alaga tuwing may mahahalagang pakikipag-ugnayan sa distrito ng paaralan;***
***(c) Sa abot ng makakaya, tumanggap ng nakasulat na paunawa sa parehong Ingles at pangunahing wika ng magulang o ligal na tagapag-alaga na nagsasabing tinukoy ang mag-aaral bilang isang nag-aaral ng Ingles at ilalagay siya sa isang programa para sa mga nag-aaral ng Ingles;***
***(d) Tumanggap ng impormasyon tungkol sa pag-unlad ng mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Ingles at, kung naka-enroll ang mag-aaral sa isang programa sa edukasyong bilingual (dalawang wika ang ginagamit), ang pag-unlad ng mag-aaral sa pag-aaral ng mga wika ng programang iyon;***

*(e) Kung hihilingin ng magulang o ligal na tagapag-alaga, makipagpulong sa mga tauhan ng paaralan kung saan naka-enroll ang mag-aaral kahit isang beses kada taon, bukod sa anumang iba pang mga kinakailangang pagpupulong, para talakayin ang pangkalahatang pag-unlad ng mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Ingles;*
*(f) Ilipat ang mag-aaral sa iba pang paaralan sa loob ng distrito ng paaralan kung hindi nag-aalok ang paaralan kung saan kasalukuyang naka-enroll ang mag-aaral ng programa para sa mga nag-aaral ng Ingles o inilagay siya sa isang corrective action plan (plano sa pagwawasto ng pagkilos), alinsunod sa NRS 388.408;*
*(g) Tumanggap ng impormasyong nauugnay sa anumang mga pagsusuri ng mag-aaral, alinsunod sa talata (f) ng subseksyon 1; at*
*(h) Makipag-ugnayan sa Departamento o sa distrito ng paaralan, ayon sa naaangkop, kung nilabag ng paaralan o distrito ng paaralan ang mga probisyon ng seksyong ito.*